# *Ang Tinig Ng Diyos Sa Mga Huling Araw Na Ito*

Tunay nga na isang pribilehiyo na makabalik muli sa gitna nitong mga Espanyol ngayong umaga. At iniisip ko kung kinukuhanan kaya ni Jim ito. Oh, inirerekord niya ito. Nasa akin pa rin ang rekord na ginawa ng munting Espanyol na koro noong narito ako dati kasama si Kapatid na Garcia. At nakalimutan ko na 'yung maikling awitin na dati nilang inaawit sa akin. Ngunit, oh, gaano ko kagusto 'yon! At ang mga batang 'yon ngayon ay nagsilaki na't nagsipag-asawa na. Nakakabalita ako mula sa kanila paminsan-minsan. At pumasok ako ngayong umaga at nakita ko ang munting si Joseph, at ngayon may ginawa talaga itong bagay sa akin, at talagang masaya akong makita siya.

2 At, ngayon, may isa na akong salita na kaya kong salitain sa Kastila. Gusto n'yo ba itong marinig? "Hallelujah!" Hinding-hindi ko malilimutan ang salitang iyon. Sinisikap kong marinig ako ng isang babaeng bingi minsan. Ngayon, maaaring masabi ko ito nang mali lahat, nakita n'yo, ngunit ang pinakamainam na pagkakatanda ko rito ay "oiga." Tama ba? *Pakinggan* ako. *Pakinggan*, "oiga." At saka hinding-hindi malilimutan ang, "Gloria a Dios!" Talagang napakaganda! Oh, nagkaroon ako ng pagkakataon na mapadako doon sa kapitolyo, sa Mexico City, sa pakikipag-usap sa kanila doon. Napakasaya ko! At dati akong. . .

3 Naroon ako sa Finland matapos kong maparito. At lagi kong naaalala ang pakikipag-usap sa isang munting taga-Finland na babae. Dinala nila ako sa isang tinatawag nilang "bethany." Bawat bansa ay may sarili nitong ideya. (Ako, nakukuha n'yo ba 'yung alingawngaw, masyado ba akong malapit diyan? Naririnig n'yo ba ako nang maayos, kung ganyan kaya?) Itong munting babaeng ito, siya'y kalugod-lugod na munting tao. Ngunit katulad ko siya, mapagkuwento talaga siya. At 'yung interpreter. . .nagsasalita siya nang talagang napakabilis, at—at hindi iyon masabi ng interpreter nang sapat na mabilis sa kung ano'ng gusto niyang sabihin. At tatayo siya't ang mukha niya ay mamumula, sabi niya, "Napahirapan ko silang mga tao sa Babilonia."

4 Ngunit, alam n'yo, napansin ko na lahat ng—ng mga ibon ay umaawit lahat sa Ingles, ang mga aso ay tumatahol sa Ingles, ang mga sanggol ay umiiyak sa Ingles. Iniisip ko kung ano nga ba ang problema sa atin. Ngunit iniisip ng bawat isa sa atin na ang ating—ating wika ang magiging wikang pang-Milenyum,

siyempre pa. Ngunit tayong mga nakatanggap na ng Banal na Espiritu, totoo 'yon, dahil may Makalangit tayong wika.

5 Nandito si Kapatid na Rowe na kasama natin ngayong umaga, isang diplomatiko mula sa Washington. Palagay ko naglingkod siya sa ilalim ng lima o anim na Presidente, pitong Presidente. At alam n'yo na ang pakiramdam ko na nakatayo rito, sa ibabaw nitong entablado, nagsasalita, na may isang lalaking katulad niyan na nakaupo sa likuran ko. Ngunit ang kanyang patotoo ay lagi nang isang talagang katangi-tangi sa akin, at lalo na noong siya. . .palagay ko isa siyang Lutheran, kung hindi ako nagkakamali, alinman sa Katoliko o Lutheran, Lutheran. At sabi niya siya'y. . .bagay na tungkol sa paggapang sa ilalim ng isang tolda sa isang pagtitipong Pentecostal, at tumayo siya. . .Sa huli nakarating siya sa altar, at, noong gawin nga niya, bumaba sa kanya ang Panginoon at pinagpala siya nang lubos na. . .sa palagay ko nakakapagsalita siya ng mga pitong iba't ibang wika. At sabi sinubukan niya ang isa, "hindi 'yon pumuwede," tapos sinubukan ang isa pa, "hindi 'yon pumuwede." At sa palagay ko'y kaya niyang magsalita ng Espanyol na gaya ninyong lahat. Kaya siya—sinubukan niya lahat ng mga iyon, at ayaw gumana ng mga iyon. At, kita n'yo, alam n'yo kung ano, napakabuti ng Diyos, bumaba Siya at binigyan siya ng isang wika na hindi pa niya nasubukan kailanman, sabi, "Gumagana Ito!" Tama 'yon. Sa palagay ko'y magiging ganyan 'yon sa kabilang ibayo.

6 Maraming mga alaala na tangan ko sa puso ko patungkol sa munting iglesyang iyon doon, naniniwala akong ito. . .oh, nakalimutan ko na kung saan 'yon. Banda rito sa isang dako na malapit sa Kalye Tonto. At naaalala ko 'yon. Naiisip ko 'yung salitang "Kalye Tonto," kung saan dating naroon 'yung Spanish Apostolic church.

7 Sinasabi ko noon sa pastor, "Magiging magandang lugar ito para pagdausan ng rebaybal," maluwang, bagong bahay-sambahan, mabubuting mga tao. Kaya palagay ko'y magiging angkop ito para sa ilang rebaybal balang araw. Idalangin n'yo 'yon, pumasok at magkaroon ng rebaybal. Ngayon, umaasa akong isa lamang itong pag-uulit nung idinaos namin doon sa isang iglesya. Naaalala ko na nakatayo doon sa bakuran, na sumasandal doon sa may bakod, pataas at pababa sa mga kalsada, sa pagsisikap na makaalis doon sa gabi, iyon ay talagang nakakatuwa na hindi ko kailanman nakalimutan. At mayroon akong isang—isang rekord nung sa mga dalagita, ng mga binibini at mga kapatiran na umawit at gumawa ng rekord. At susubukan nilang awitin ang "Only Believe," at hindi nila 'yon nakuha nang husto, alam n'yo na. Sasabihin nila, sa halip na "only believe," ang nailalabas nila "yeonea believe," kita n'yo.

8 At naalala ko si Rebekah, ang anak ko, si Sarah, at gayunman sinasabi nila, "Daddy, ipaawit, patugtugin n'yo po

’yung munting rekord ng mumunting. . . ” Sa halip na sabihing “Spanish,” hindi nila mabigkas ang salitang ’yon, sabi, “Spinach na mga batang babae, mumunting batang babaeng spinach na kumakanta ng ‘Only Believe.’”

9 Buweno, naaalala ko na sinundan nila ’yung pagtitipon. Kasalukuyan ang rebaybal noon, at sinundan nila ’yung pagtitipon hanggang doon sa West Coast. At ako. . .isang munting bagay ang umangkla sa puso ko noong lisanin namin ang California, si Kapatid na Moore at ako, at si Kapatid na Brown, doon sa kapitolyo. At nang magpunta ako doon sa gusaling ’yon nang gabing iyon, ang mga batang iyon nakatayo doon na inaawit ’yung, “He careth for you.” Narinig n’yo na ’yon. “Through sunshines or shadows, He careth for you.” Maraming beses sa ibayong bansa, sa mga lugar ng digmaan ng alitan ng mundo, sa pagsisikap na dalhin ang Mensahe ni Cristo, naaalala ko ang mga batang babae’t lalaking iyon na inaawit ang awiting iyon sa akin, “He careth for you. Through sunshines or shadows, He still careth for you.” Kaya naging dakilang inspirasyon ’yan, isang tulong.

10 Nakatagpo ang inyong butihing pastor, at lubos na nagagalak na makitang buhay ang iglesya at mayroon kayo nitong malaki’t magandang gusali rito, na napaupo ang lahat, maluwang ang paradahan. Sadyang isang tunay na dako na nasa mga kamay ng Espiritu Santo, kung magagawa lamang nating maipakita ito sa Kanya at maipabatid na nananawagan tayo para sa isang rebaybal. Siya, naniniwala akong magkakaloob Siya ng isa.

11 Ngayon, mamayang gabi naroroon kami sa iglesya ni Kapatid na Outlaw, na Jesus Name church, doon sa kabilang lugar. At si Kapatid na Outlaw, naniniwala akong sa. . .ay iglesyang Apostolic, rin. Sa palagay ko’y tinatawag lamang niya ang pangalan niya, ng iglesya na, Jesus Name. Sa palagay ko siya’y apostoliko sa paniniwala. At kaya kami’y pupunta doon mamayang gabi. At ngayon hindi namin sinasabi sa iglesyang Espanyol na, “ngayon pumunta kayo doon ha,” dahil sa manatili kayo sa lugar ng inyong tungkulin. At pagkatapos magkakaroon ng malaking pagtitipon ng Christian Business Men, umpisa ng Huwebes, pagkatapos na magsara ng mga gawain sa ibang mga iglesya, sa Huwebes. At itong kombensyon na ito, magkakaroon sila ng mga kilalang mga tagapagsalita, at kaya si Oral Roberts, at isang kapatid na lalaking Methodist na kamakailan lang naligtas, at sinasabi nilang siya’y talagang isang magaling na tagapagsalita. At tiyak kong masisiyahan kayo sa mga kombensyon na ito. At kayong mga kabataang anak, mayroon din silang pagtitipon doon para sa mga kabataan, gaya ng kapapabatid lang ng kapatid. Papupuntahin ko ang mga anak ko doon para makasama sila sa ganito. At kaya ngayon,

magtungo kayo, ikagagalak naming makasama kayo. Pagpalain kayong lahat ng Panginoon.

12 At ngayon ay gusto kong buklatin ang Biblia at magbasa ng ilan sa Kanyang banal na Salita. At pinili ko ngayong umaga, sa maikling sandali lamang, ayaw ko kayong panatilihin nang masyadong matagal, ang ilang teksto, at ang isa sa mga iyon ay matatagpuan sa I Samuel, 'yung isa naman ay matatagpuan sa Isaias. At nais kong magbasa mula sa Isaias muna. At ako . . .

13 Naririnig ba ninyo nang maayos, sa buong paligid? Sa pagitan ng mga mikroponong ito, tila ba ang mga ito ay napakasensitibo sa akin, hindi ko alam kung bakit. Naririnig n'yo nang maayos diyan, itaas ang inyong kamay. Mabuti, mabuti.

14 Ngayon, namamaos lang ako nang kaunti, siyempre, mula 'yan sa labis na pagsasalita. At mula noong naririto ako kasama ang mga kapatirang Espanyol, mga labing-anim na taon na ang nakalipas, palagay ko, marahil mga labing-anim o labimpitong taon na ang nakalipas, buweno, nangangaral na ako mula noon. Kaya pagod ako noon, sabi ko, at pagod pa rin ako, ngunit nagpapatuloy pa rin ako sa biyaya ng Diyos.

15 Ngayon magbukas tayo sa Isaias 40, sa ika-40 kabanata ng Isaias; at sa unang kabanata, o sa ika-3 kabanata ng I Samuel. At habang nakabukas ang mga dakong 'yan para sa pagbabasa ng Salita, nais ko ngayon na ating iyukod ang ating mga ulo panandali lamang para sa panalangin.

16 Aming Makalangit na Ama, kami ay nagpapasalamat sa araw na ito para sa pribilehiyong ito ng pagtayo dito sa magandang santuwaryo na inihandog sa Diyos at para sa Kanyang gawain. At yamang nalalaman po namin na itinaguyod ng Iyong mga lingkod ang entabladong ito rito o pulpito nang maraming beses na, at sampu ng inihandog na buhay sa Iyong gawain.

17 At na *ito*, sa umagang ito, ay nagpapagunita ng mga alaala, alaala ng isang rebaybal na nag-uumpisa pa lang, na ang Espiritu Santo ay bumaba sa anyo ng isang malaking Liwanag, na gaya ng isang Haliging Apoy, at nangusap Ito na ang Mensahe ay lalaganap sa mundo. At ngayon sa araw na ito ay kasaysayan na iyon. Ang Mensahe ay nag-alab na sa pamamagitan ng mga dakilang tao, matapos Itong makita, gaya nina Oral Roberts at Tommy Osborn, at Tommy Hicks at marami pang iba. At sa pamamagitan ng pagtutulungan naming sama-sama, nakikita namin na nakapagsindi na ang Mensahe ng mga apoy ng rebaybal sa bawat bansa sa ilalim ng Langit, ng Mensaheng pentecostal. Sa bagay na ito ay ibinibigay namin ang pasasalamat at papuri sa Iyo, O Makapangyarihang Diyos.

18 At ngayon sa araw na ito ay dumadalangin kami na Iyong ikokondisyon ang aming puso, ihahanda para sa isang dakilang

Pag-agaw na malapit nang maganap, naniniwala kami. At kung hindi po nakakondisyon ang aming mga puso para doon o sa anumang iba pang bagay na inilaan Mo para sa amin, dalangin naming patawarin Mo po kami sa aming mga kakulangan, at mangungusap sa amin sa araw na ito sa pamamagitan ng Iyong Salita. Pagpalain Mo po ang pastor ng iglesyang ito, ang mga diyakono nito, ang mga katiwala, at ang lahat ng mga tao, ang mga miyembro. Pagpalain Mo po itong munting choir, at ang piyanista, ang mga musikero. Lahat-lahat po, pagpalain ang mga pumapasok sa mga tarangkahan ng dakong ito. Lumabas nawa sila na nabago sa bawat pagkakataon, na mas malapit pa po sa Iyo kaysa noong sila'y pumasok. Ipagkaloob po iyon, Ama. At mangyari nawa iyon, maging ngayong umaga, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

19 Ngayon sa pagdako sa Aklat ng Isaias, sa ika-40 kabanata, mababasa natin.

> *Inyong aliwin, inyong aliwin ang aking bayan, sabi ng. . .Dios.*
>
> *Mangagsalita kayong* mapag-aliw sa *Jerusalem, at sigawan ninyo siya, na ang kaniyang pakikipagdigma ay naganap, na ang kaniyang kasamaan ay ipinatawad: sapagka't siya'y tumanggap sa kamay ng PANGINOON ng ibayong ukol sa. . .kaniyang kasalanan.*
>
> *Ang tinig ng isang sumisigaw, Ihanda ninyo sa ilang ang daan ng PANGINOON, pantayin ninyo sa ilang ang lansangan para sa ating Dios.*
>
> *Bawa't libis ay mataas, at* ang *bundok at burol ay mabababa: at ang mga bakobako ay matutuwid, at ang mga hindi pantay na dako ay mapapatag:*
>
> *At ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao, sapagka't sinalita ng bibig ng PANGINOON.*

Ngayon sa Aklat ng Samuel, I Samuel, ika-3 kabanata, nais kong basahin ang una, ika-2, at ika-19 na talata.

> *At ang batang si Samuel ay nangangasiwa sa PANGINOON sa harap ni Eli. At ang salita ng PANGINOON ay mahalaga noong mga araw na yaon; walang hayag na pangitain.*
>
> *At nangyari nang panahon* na *yaon, nang si Eli ay mahiga sa kaniyang dako, ang kaniya ngang mata'y nagpasimulang lumabo, na siya'y hindi nakakita;*
>
> *. . .ang ilawan ng Dios ay hindi pa namamatay sa templo ng PANGINOON, na kinaroroonan ng kaban ng Dios, at si Samuel ay nakahiga upang matulog;*
>
> *Na tinawag ng PANGINOON. . .at kaniyang sinabi, Narito ako.*

Ang ika-19 na talata.

*At si Samuel ay lumalaki, at ang PANGINOON ay sumasakaniya, at* Siya'y *walang di pinapangyari sa kaniyang mga salita.*

20 Oh, sapat na iyan na teksto na mapag-uusapan natin dito sa loob ng isang buwan, at makahahango pa tayo ng maraming nilalaman mula rito sa maluwalhating tekstong ito. Ngunit sa umagang ito, at meron lamang tayong mga dalawampung minuto upang makalabas sa tamang oras mula sa ating...Sa palagay ko'y tapos na ang Sunday school o marahil susunod iyon dito, hindi ko alam. Ngunit, ganoon pa man, gusto kong gamitin ang tekstong, *Ang Tinig Ng Diyos Sa Mga Huling Araw Na Ito*.

21 Ito'y lubhang katangi-tanging panahon. Napag-uunawa natin iyon kung saan nangungusap tayo mula sa Mga Kasulatan, na sinabi nito, "Walang hayag na pangitain noong mga araw ni Samuel." Kung kaya't, "Kung saan walang pangitain," sabi ng Biblia, "ang bayan ay sumasama." Kailangan nating magkaroon ng pangitain. At dumarating ang mga pangitain sa mga propeta, at ang Salita ng Panginoon iyon na sinalita sa kanila.

22 At nalaman natin na si Eli ay hindi isang propeta, isang saserdote si Eli. At tumatanda na siya, at lumalabo na ang mga mata niya, at hindi na siya makakita para makapag-ikot, isa nang napakalaking mabigat na tao. At nag-umpisa siyang mapabayaan ang gawain ng Panginoon.

23 At 'yan ay bagay na kagaya sa panahon ngayon. Sa tingin ko'y ang iglesya, ang organisasyon at mga denominasyon, naroon na sila sa larangan nang matagal nang panahon, at nag-uumpisa na silang magluwag. At napapabayaan na ang gawain ng Panginoon, ang Salita ng Katotohanan, dahil sa ang iglesya, sa sarili nito mismo, ay naging malabo na ang paningin. At kailangan natin, sa araw na ito, ang Tinig ng Diyos upang mangusap sa kalagitnaan natin, ipanumbalik tayo.

24 At, kita n'yo, si Eli ay naratay na, at ang...kanyang paningin ay nawawala na. Isa siyang saserdote. At wala silang hayag na pangitain noon mula sa Panginoon. At ang matinding pangangailangang iyon!

25 At nangako ang Diyos na kakatagpuin ang pangangailangan ng panahon. Lagi Niyang ginagawa 'yon. At kailangan natin ang Tinig ng Diyos sa araw na ito, upang katagpuin ang pangangailangan ng panahon, upang katagpuin ang panahon na ating kinabubuhayan. At matapos Niyang ipangako ito, maaari na tayong mapanatag na Kanya ngang tutuparin ang Kanyang pangako. Iyon ang katiyakan na mayroon ang mananampalataya sa kanyang Manlilikha, na ipinangako Niyang kakatagpuin ang pangangailangan.

26 At, sa araw na ito, isang dahilan kaya nasa gayong kalagayang kinaroroonan nito ang iglesya, ay dahil sa mayroong

napakaraming mga tinig, napakaraming iba pang mga tinig para agawin ang pansin ng iglesya mula sa Tinig ng Diyos, hanggang sa ito'y nakapag-aalinlangan na na makinig pa ang marami sa Tinig ng Diyos kahit na nagsalita na Ito mismo sa kanilang kalagitnaan. Di pa nga nila siguro mauunawaan Ito, sapagkat Ito'y magiging kakaibang bagay sa kanila. Masyado na nilang itinutok ang kanilang mga sarili sa mga tinig ng panahong ito!

27 At kung mapapansin natin, sa ating pagbasa ng Kasulatan, na ang Tinig ng Diyos ay kakaiba sa kanila.

28 At naging ganoon na naman ito sa araw na ito, na ang Tinig ng Diyos. . . Napakaraming iba pang mga tinig. At kung ganoon kung ipinangako ng Diyos na ibibigay Niya Iyon sa atin, at kung ang iba pang mga tinig ay taliwas sa Tinig ng Diyos, kung ganoon tiyak na iyon ang tinig ng ating kalaban, upang lituhin tayo, nang sa gayon ay hindi natin maintindihan ang Tinig ng Diyos kapag nangusap Ito.

29 At mapapansin nating ito'y bagay na kapareho niyaong kay Eli at kay Samuel, ngunit nakilala agad ni Eli na ang Diyos iyon. At iyon ay lubos na isang—isang sumpa kay Eli. Dahil sa, ang Tinig ng Diyos, na nangungusap noon kay Samuel, ay sinabi sa kanya ang tungkol sa mga maling gawa ni Eli, dahil pinalaki nito sa layaw ang mga anak nito, at kumukuha ang mga ito ng pera at—at ng karne mula sa mga handog. Hindi iyon tama. At gumagawa ang mga ito ng mga bagay na mali, laban sa Salita ng Diyos.

30 At si Samuel ay mayroong. . . tanging bagay na magagawa ni Samuel, ay magsalita nang eksakto. At medyo nag-aatubili siyang gawin ang gayon, dahil iyon ay laban sa mismong dako na pinagdalhan sa kanya upang palakihin, kay Eli at sa templo. Ngunit sinabi ni Eli, "Magsalita ka." Kita n'yo? At sinabi niya sa kanya nang eksakto kung ano'ng mangyayari, na si Samuel. . . o, "tapos na ang araw ni Eli, bilang isang saserdote," dahil sa nagsalita na ang Diyos, at ipadadala na ng Diyos ang Kanyang Mensahe sa pamamagitan ni Samuel na propeta. Napaka kakatwang kapanganakan, inihandog sa Panginoon mula pagkabata. Nangusap sa kanya ang Diyos, habang bata pa lang, at noo'y inihahanda na siya para sa isang gawain na nasa hinaharap. At patapos na noon ang panahon ni Eli.

31 Napakaraming mga tinig sa mundo sa araw na ito, na anopa't ito'y lubos na mahirap na bagay, dahil pinatatahimik nito ang Tinig ng Supernatural. Napakaraming mga tinig na intelektuwal, dakilang mga tinig ng makapangyarihang mga tao na mga intelektuwal, na, sa kanilang mga kalagayang intelektuwal, ay niyayanig maging ang mga bansa. Hindi lang sila basta-bastang mga tao, kundi niyuyugyog nila ang mga bansa, pinagsasama-sama ang malalaking mga organisasyon, malalaking mga kampanya, mabubulaklak. At ang isang tao ay

medyo magkakandalito. Sapat na ’yon para lituhin sila, ng kung paanong ang mga bagay na ito ay nagpapatuloy at pinagpapala. At may mga tinig na—na nagsisilitaw at gumagawa ng ganitong mga bagay, at idinudulot nito na ang Tinig ng Diyos ay malagay doon sa malayong likuran sa kung saan, ang tunay na Tinig ng Diyos.

32 “At ang Tinig ng Diyos,” sinasabi nila, “paano namin malalaman na iyon nga ang Tinig ng Diyos?” Dahil, para sa araw na ito. . . Noon ito ay sa isang pinagtibay na propeta. Ngayon, sa araw na ito, paanong nalalaman natin na ito’y Tinig ng Diyos, dahil sa ito ang kahayagan ng Salita ng propeta. *Ito* ang propeta ng Diyos. At ang isang tunay na Tinig ng Diyos ay ipinanunumbalik lamang yaong tunay, na buhay, na Supernatural na Diyos, sampu ng Kanyang Supernatural na Salita, kasama ang Supernatural na kahayagan ng Tunay na Salita. Kung gayon nalalaman natin na Ito ang Tinig ng Diyos. Sapagkat, at yaong Super-. . . Napakaraming iba pa sa iba pang kalagayang pantao, na talagang halos patahimikin na Iyon. Ngunit, tandaan, kikinang Ito, lalabas Ito! Gagawin Nito iyon.

33 Ngayon, may tinig sa araw na ito sa mundo ng pulitika. Malaking tinig iyon. At ang mga tao, tiyak at lubos, sa dakilang araw na ito ng pulitika, kanilang. . . Puro kalituhan na sa kanilang mga iglesya at lahat na. At maraming pagkakataon, na nakita natin kamakailan lamang, na ang tinig ng pulitika ay totoong mas malakas pa nga kaysa sa Tinig ng Diyos sa mga iglesya, kung hindi ay di sana ginawa ng sambayanang Amerikano ang kanilang ginawa kamakailan lang. Kita n’yo? Hinding-hindi sana nila iyon ginawa. Kung ang Tinig ng Diyos ay pinanatili lamang sana na buhay sa iglesya, hindi na sana nila nagawa ang mga pagkakamaling iyon. Subalit ang tinig ng pulitika ay lubhang mas malakas sa mundo ngayon kaysa sa Tinig ng Diyos, hanggang sa ibinenta na ng mga tao ang kanilang Cristianong karapatang pagkapanganay para sa isang tambak na katanyagan, edukasyon, at kapangyarihang pulitikal. Talagang nakakahiyang makita ito. Ang mismong bagay na bumuo sa bansa natin, kung sa ano ito gawa, tumalikod mismo ang mga tao at—at inihalal ang siyang bagay na iniwanan natin doon sa isa pang bansa. At ang—at ang Plymouth Rock, at Mayflower at ang mga iyon, ay nagsiparito at—at itinatag itong dakilang ekonomiya na meron tayo. Ay ang mismong bagay na nilabanan natin nang husto para makalabas, inilagay natin mismo ang sarili natin pabalik sa mahigpit na pagkakahawak nito, dahil sa sinasabi nga ng Biblia na magiging ganoon nga ito.

34 At ang sistema ni Eli, isang saserdote sa halip na isang propeta. Ang propeta ay ang Salita. At ang saserdote ay ang iglesya.

35 At umabot na ito sa isang kalagayan hanggang sa ito ay maging napakaluwag na anopa’t ang Salita ay kakaiba na sa mga

tao. Hindi nila Ito maunawaan. Tapos magagawa mong sabihin Ito, at hindi naman nila Ito nauunawaan, dahil sa hindi sila sinanay Dito. Sinabi ni Pablo, "Kung ang trumpeta ay magbigay ng di-malinaw na tunog, sino ang makakaalam na ihahanda na ang sarili niya sa pakikibaka?"

36 Ang mga tao ay sinanay sa isang—isang—tinig ng isang iglesya, trumpeta ng isang iglesya, "Higit pa ang mayroon kami sa aming Sunday school kaysa sa mayroon ang iba pa sa kanila." Wala 'yan ni isa mang kabuluhan. "Higit pa ang mayroon kami sa aming denominasyon kaysa sa mayroon ang iba pa sa kanila. Kami ang pinakamalaki sa mga denominasyon." Kita n'yo, sa ganyang klaseng tinig sinasanay ang mga tao. Sa lansangan, humahayo sila para hikayatin ang mga tao at ipasok sila. Laksa-laksang makalibong beses sa malalaking kampanya, ipinapasok sila. Saan ba sila interesado? "Nasa amin ang pinakamalaking iglesya. Nasa amin ang pinakamalaking kongregasyon. Nasa amin ang Sunday school na may pinakamaraming miyembro. Pumupunta ang alkalde ng siyudad sa aming iglesya." Maaaring mabuti lahat 'yon, subalit kung 'yan ding iglesyang iyan ay hindi sinanay sa Tinig ng Diyos, sa Trumpeta ng Ebanghelyo, ano ang pakinabang na nagagawa nito?

37 At kapag lumilitaw ang isang bagay gaya na lang ng lumitaw sa gitna ng ating gobyerno, ano'ng nangyayari? Hindi alam ng iglesya ang Tinig ng Trumpeta, at hindi nila alam kung ano ang gagawin. Ang malaking pangako ng kasaganaan, isang higanteng intelektuwal na dumarating, at nagpunta sila doon sa mismong bagay na inihula ng Biblia, at ipinasok iyon. Kita n'yo, isang tinig na pulitikal! At pinatunayan nitong niwalang-halaga nito ang panrelihiyong Tinig, kundi ay di sana nila ginawa ang nagawa nila, sa Tinig ng Ebanghelyo. Dahil sa pinangakuan tayo ng maraming mga bagay-bagay, pinangakuan tayo ng kasaganaan, at walang alinlangang makakamit nga natin ito.

38 Ngunit, ganoon pa man, walang anumang kabuluhan 'yan sa isang mananampalataya. Magbukas kayo doon sa Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-11 kabanata, makinig diyan kay San Pablo na nangungusap, kung paanong sila, noong mga araw, "Sila'y nagsilakad nang paroo't parito na may suot na balat ng mga tupa't kambing, mga naghihirap, walang lugar, hindi makapasok sa bayan."

39 Binabasa ko noon sa Konseho ng Nicaea, noong nagkaroon ng malalaking usapin sa Nicaea, Roma, tatlong daang taon matapos ang pagkamatay ni Cristo, doon sa dakilang Konseho ng Nicaea, noong ang dakilang iglesya na nanindigan para sa kung ano ang tama, gusto nila ang Biblia. At ang mga naakay na Romano ng unang iglesya ng Roma ay nagpasok ng mga dogma, para sabihin, bilang halimbawa, gaya ng mayroon tayong Pasko.

40 Pasko, hindi isinilang si Cristo nang ikadalawampu’t limang araw ng—ng Disyembre kung paanong ako rin ay hindi. Aba, ang mga burol ng Judea noon ay maniyebe, at Siya . . . Sinasalungat nito ang lahat ng iba pang mga propesiya ng Biblia. Isinilang Siya nang tagsibol, gaya ng lahat ng mga tupa’y ganoong panahon isinisilang. Bakit Siya isinilang sa isang kamalig sa halip na bahay? Isa Siyang Tupa. Bakit hindi na lang Siya tumakbo doon sa altar o sa Kanyang altar na pinagpakuan sa Kanya, sa krus? Inakay Siya sa krus. Inaakay mo ang tupa sa katayan. Isa Siyang Tupa. Kung ganoon ipinanganak Siya kung kailan ipinapanganak ang mga tupa.

41 Ngunit, nakita ninyo, upang gawin iyon, mayroon silang kaarawan ng diyos na araw, na, sa sistemang solar, ang—ang araw sa limang araw mula ikadalawampu ng Disyembre hanggang sa ikadalawampu’t lima ng Disyembre, halos wala nang pagkilos man lamang, ng araw. Ito—nagbabago ito nang paunti-unti bawat araw, nagiging mas humahaba nang humahaba nang humahaba hanggang sa marating nito ang pinakamahaba nitong araw sa Hulyo. At tapos, sa Disyembre, ang pinakamaikli nitong araw. At sa panahong iyon ang maikling panahon ng ikadalawampu’t lima, mula sa ikadalawampu hanggang sa ikadalawampu’t lima, idinadaos nila ’yung sirkong Romano at ang pagdiriwang ng kaarawan ng diyos na araw. Kaya nga kung ganoon si Jupiter, na isang diyos ng mga Romano, at saka nila iyon ipinasok, sa pagsasabi noon, “Gagamitin natin ang kaarawan ng Anak ng Diyos at ng diyos na araw, pagsamahin iyon at maging isa na itong malaking pagdiriwang.” Salungat ’yan! At, oh, ang daming mga pagpapasok ang inilagay nila diyan!

42 At pagkatapos nang ’yung mga tunay na tao ng Diyos na nagnais na manatili sa Salita, gaya nina Polycarp, Irenaeus, Martin, at ’yung mga dakilang, sinaunang, banal na mga tao na nagnais manatili sa Katotohanan. At noong ginanap nila ang Konseho ng Nicaea, ang ilan sa mga taong iyon ay lubhang tinanggihan na hanggang sa nagsilitawan na ang mga propeta mula sa ilang na walang anumang nakabalot sa kanila kundi kapirasong balat ng tupa, upang maupo sa konsehong iyon. Ngunit alam nila ang Salita ng Panginoon. Ngunit ang katanyagan, ang labinlimang araw na iyon ng madugong pulitika, at pinawalang-halaga Ito. Tapos nagkaroon tayo ng isang libong taon ng panahon ng pagdidilim, kita n’yo.

43 Ngunit ipinangako ng Diyos na tutunog muli ang Trumpetang iyon. Palaging ang mga tao’y nakikinig sa tunay na Tinig ng Salita, laging suriin ang ginagawa n’yo sa pamamagitan ng Salita.

44 Ang tinig ng pulitika. At tayo sa Amerika at sa buong mundo, ay may malakas na tinig na nagsasalita sa araw na ito, at ’yan ang tinig ng Hollywood. Nasakop na nito ang mundo.

Hayaang may isang lumabas sa Hollywood na may isang bagay, makikita mo na 'yon sa buong bansa. Ngayon, mapapansin natin na nagtakda na sila ng tularan para sa ating mga kababaihan, sa kanilang pananamit, sa kanilang estilo ng buhok. Sila ang nag-umpisa ng damit na iyon.

45 Nararapat na malaman ng iglesya ang Tinig ng Trumpeta ng Diyos tungkol diyan! Subalit napakaraming kalituhan dahil sa nakikita n'yo ang iba na ginagawa ang ganoon, mga halimbawa. Huwag na huwag ninyong itutulad ang sarili ninyo sa ganoong uri ng halimbawa, dahil nabubulok iyon. Laging dinggin ang Tinig ng Diyos, kung ano'ng sinasabi Niya tungkol dito.

46 At tapos napapansin natin, sa Hollywood, nag-uumpisa sila ng mga bagay-bagay. At hayaan lamang akong mangusap sandali tungkol dito bago tayo magpatuloy. May isang—isang bagay na lumabas di pa kalaunan, na isang—isang lalaki sa Hollywood. . . Walang anumang laban doon sa lalaki ha, isa siyang mortal na pinagbuwisan ni Cristo ng buhay, pero para ipakita lang sa inyo. Nag-imbento sila ng maliit na bagay na tinatawag na, dating tinatawag ng mga bata na "hula-hoop," hula-hoop, o kung ano. At kung napansin lamang ninyo ang kasagwaan at mga bagay na sumusunod sa ganoong bagay, sa mga batang paslit. Hindi 'yon tama.

47 Ngayon, punong-puno ang Hollywood ng—ng mga mahilig makipagbarilan. Ngayon, kahit sinong nakakaalam ng kasaysayan, ay alam na 'yung mga taong iyon noong mga araw na iyon, na mga mahilig makipagbarilan gaya ng—ng iba't ibang mga tao, hindi sila mga mabubuting mamamayan, mga taksil sila, mga kagaya sila nina Al Capone at Dillinger. May palabas sila sa Hollywood na tinatawag nilang, sa—sa telebisyon, na tinatawag nilang, "Gunsmoke." At narinig ko sa monitor nang nakaraang araw na ang taong gumaganap nito ay, si Arness o bagay na ganoon, o Arness, o nakalimutan ko na kung ano 'yung pangalan niya, at siya daw sana ang gaganap. . . Kumakatawan siya kay Matt Dillon na isang sheriff sa Kansas. At si Matt Dillon ay sing dilaw ng kuneho. Dalawampu't walong katao ang binaril niya sa likod, mga inosenteng tao, na lumalabas ng Dodge City at naghihintay sa isang palumpong. At kapag may magdaraang tao, tatawagin siya ng taong 'yon at sasabihan siya na may isang masamang tao na padaan, tapos mananatili lang doon sa labas at, kapag dumaan na papasok 'yung tao, babarilin niya ito sa likod. Ngayon nakikita nating siya'y "malaking tao" na dumarating. Aba, ito'y—ito'y ganap na pagluluwalhati sa kasalanan. Ngunit ang mga maliliit na bata ng bansa natin ay makapagsasabi sa iyo ng mas marami pa tungkol kay Matt Dillon kaysa makapagsabi sila sa iyo tungkol kay Jesus Cristo. Ang—ang—ang mga tindahan, ang mga maliliit na tindahan, at ang seksiyon ng mga damit, ay punung-puno ng mga nakasabit na maliliit—maliliit na baril-barilan, na may kasamang maliliit

na sumbrero na—na mabibili n'yo kahit saan. Ayos lang na isuot 'yon, ngunit ako'y—sinasabi ko lang sa inyo, nakita ninyo. Pagkatapos sila—sila, ang mundo ng komersiyo, ay gagamitin ang bagay na iyon at kikita ng milyun-milyong dolyar mula rito.

48 Mayroon tayong tinatawag nating "St. Patrick's Day," mayroon tayo nitong mga tinatawag nating "panrelihiyong kapistahan." At ginamit na ito ng mundo ng komersiyo, at kumikita sila ng milyun-milyong dolyar. "Araw Ng Mga Ina," mga bungkos ng bulaklak. Aba, lahat dapat ng araw ay isang pagpupugay na araw kay nanay. Naroon siya sa isang dako, na matanda na, pumunta't bumisita sa kanya. Mas magiging higit pa ang halaga niyan kaysa sa lahat ng bulaklak na kaya mong ipadala sa kanya, o ano pa man. Kita n'yo, subalit ginagamit nila ito. Isa itong tinig, at—at tayo'y nakikiayon mismo dito. Hindi talaga ito tama. Ngunit ano'ng gagawin n'yo? Kita n'yo, tayo'y—tayo lang ay . . .

49 Sinisikap kong makarating sa isang punto rito para sabihin sa inyo ang isang bagay, kung ano ang aking—paniniwala ko. Madalang yaong Tinig, ang Tinig ng Diyos.

50 Ngayon, nalaman nating kanilang itinakda ang kalakaran. At napansin n'yo na ba, ang kabinataan natin ay naging "Ricky" at "Elvis" na. Kung may anak kayong pinangalanan ng ganyan, palitan n'yo 'yon kaagad-agad, tawagin n'yo siyang bilang na "isa" o "dalawa," o kung ano. Huwag, 'yan ay napakapangit . . . Sasabihin n'yo, "Ano naman ang magiging kaibahan ng kahulugan ng pangalang 'yan?" Aba, tiyak, na nangangahulugan nga ito ng isang bagay. Ang pangalan n'yo ang naglalarawan ng buhay n'yo. "Ngayon, Kapatid na Branham, nasa numerolohiya ka na." Hindi, wala ako doon! Ako'y nasa GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Bakit ba noong si Jacob, talagang ipinamuhay niya ang pangalan niya, bilang—bilang mandaraya, mang-aagaw, Jacob. At nang baguhin siya ng Diyos, pinalitan Niya ang kanyang pangalan. Pinalitan ng Diyos ang Saulo ng Pablo, Simon ng Pedro. Tiyak nga, na may bagay dito. At ang Ricky at Elvis, at ang ganoong mga pangalan, ay ang makabagong pangalang Amerikano na automatikong naghahantong sa bata doon. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

51 Ngayon, umaasa ako na hindi ko . . . mabuti pa'y bumalik na ako at hindi na magpakalayo pa sa isang paksa rito, (kita n'yo ang ibig kong sabihin?) na di n'yo mauunawaan. Subalit ang lahat ng bagay na ito ay di man lang maintindihan ng karaniwang tao. Hindi nila ito napag-uunawa, dahil may isa silang kalakaran. Iyon lang ang pinakikinggan nila, ang mga tinig na 'yon.

52 May tinig ng mga pilosopo, Komunismo, na nangangako ng bagay na hindi nila mapanindigan. At gayunma'y malaking

porsiyento ng mga mamamayang Amerikano ay nakatuon na ang pansin sa Komunismo. Ngayon, naparoon na ako sa Komunismo, mga lugar ng Komunismo, pala, sa Alemanya, sa silangang panig ng Berlin. May naglalakihan silang mga bahay para ipakita sa labas. Maglakad kayo sa loob nila, hindi pa nga tapos ang mga iyon. Isang huwad na ekonomiya 'yon, sinisikap nilang ipagtulakan ang isang bagay.

53 At, sa Rusya, ang dakong sinilangan ng Komunismo . . . Na, maraming taon na ang nakalipas, noong bata pa lang akong mangangaral, sabihin kong mga tatlumpu't tatlong taon na ang nakalipas, noong ang Nazismo, Pasismo, at Komunismo ay nag-uumpisa, sabi ko, "Nangungusap ako sa Pangalan ng Panginoon! Mauuwi silang lahat sa Komunismo." Ngunit, naisip n'yo na ba, iniwanan tayo ng Diyos ng isang lagusan palabas, kung tatanggapin lang natin ito. May isang porsiyento lamang ng Rusya ang Komunismo, isang porsiyento, ngunit sila ang kumokontrol na porsiyento. Isang porsiyento ng Komunismo . . . isang porsiyento ng Rusya ay Komunismo, pala, ngunit namumuno sila.

54 At ganoon din, ang Hollywood ay isang lugar, ngunit sila ang namumuno.

55 Mga nasa sang-katlo o dalawang-katlo ng populasyon ng Estados Unidos ang nagsisimba, at mga miyembro ng mga simbahan, ngunit sila ang namamahala sa mga denominasyong iyon.

56 Ang kailangan ng Komunismo roon ay ang Tinig ng Diyos na lumilitaw sa gitna nila, at ilalagay Nito ito sa kahihiyan.

57 Sa Finland, nang buhayin mula sa mga patay 'yung munting batang lalaki noong araw na 'yon, at dinadala nila ako sa layong tatlong kuwadrado, kung saan itong munting bata ay binuhay, na patay; ang mga sundalong Komunista, mga Ruso, nakatayo roon na nakasaludong Ruso, at ang mga luha'y tumutulo sa kanilang mga pisngi. Sabi nila, "Tatanggapin namin ang Diyos na nakabubuhay ng patay." Ang kapabayaan ng iglesyang Katoliko at ng iglesyang Lutheran, at lahat ng mga denominasyong iyon, at kinuhang lahat ang mga salapi, at nagtatayo ng mga organisasyon, at walang ibinibigay sa mga tao. Namumuhay silang gaya ng ibang mga tao. Kailangang may . . .

58 Ang kailangan ng Rusya ay propeta na lilitaw sa tagpo na taglay ang Salita ng Panginoon, na kayang—kayang patikumin ang bibig. Kung magkagayon ang siyamnapung porsiyentong iyon ay mamumuno na.

59 Ang kailangan ng Amerika ay isang Tinig ng propeta ng Diyos, na makatatayo't tutuligsain ang Hollywood, at tuligsain ang mga bagay na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo, at ang Iglesya ng Banal na Espiritu na ang mamamahala. Napakaraming

kalituhan, kita n'yo, napakaraming mga tinig ng pagsasalungat laban Dito.

60 Ang iglesya, ang tinig nito, bawat isa'y gusto ng mas maraming miyembro. Gusto ng Baptist kanya lahat, gusto ng Methodist kanya lahat, ang Presbyterian. Lahat tayo'y mayroong mga ganito. At tila ba na mapapasa Katoliko ang lahat ng ito, at mapapasa kanila nga. Iyan eksakto ang Tinig ng Diyos mula sa Bibliang ito. Mamumuno sila.

61 Subalit ang Kataas-taasang Diyos ang mamumuno sa kahuli-hulihan. Ang mga Banal ang mamamahala, isang araw, sinabi nga ng Biblia. Sila'y mamamahala.

62 Talagang lubhang maraming mga boses! Tapos naroon pa ang tinig ng bulaang propeta. Napakatinding tinig niyan, isang taong tinatawag ang sarili niya na isang propeta. Ang isang propeta, siyempre pa, ay isang mangangaral. Ang makabagong salitang "propeta" ay ganap na nangangahulugang "isang taong nangangaral sa ilalim ng kasi." At may taong tumatayo at tinatawag ang sarili niya na isang propeta, at itinatanggi ang Salita ng Diyos, itinatanggi ang Katotohanan ng Diyos. Napakaraming mga tinig!

63 Kani-kanina lamang, may kapatid na lalaki doon na nagtuturo sa akin kung saan magdaraan papasok dito, ngunit ako . . . sa palagay ko nagtaka siya kung bakit nagpunta ako doon sa daan at umikot at bumalik. Kung narito ka, kapatid, may pinakikinggan ako, iyon ang ating—ating mga itim na kaibigan, ang negro. May templo sila rito, at tinatawag nila itong, "ang Elijah Mohammed," o bagay na ganoon, "batang Elijah Mohammed." Bumabangon na may isang tinig, at nagsasabi na sila ang tinig na magdadala sa—sa lahing itim palabas sa kaguluhang ito. Iyon, nakita n'yo, ang mismong bagay, sila—sila—narito ang kanilang Moslem, ang kanilang Mosque. Aba, di n'yo ba makita, na ang mismong simulain nito, mali ito!

64 Ang mga lahing itim, kagaya lang ng mga lahing puti, lahing kayumanggi, at lahing dilaw, hindi papanumbalik doon sa Mohammedanismo, kundi papanumbalik kay Cristo, sa mismong mga prinsipyong itinuturo ng Biblia. Laban ang Mohammedanismo sa Salita. Ngayon, nagkaroon ako ng pribilehiyong makaakay ng sampung libong mga Mohammedan patungo kay Cristo isang beses sa Durban, South Africa. Wala itong anumang nagagawa kundi sikolohiya. At ayos lang ang sikolohiya hangga't hindi itinatanggi ng sikolohiya ang Salita. Ngunit kapag itinanggi na ng sikolohiya ang Salita, kung ganoon mali na ang sikolohiya. Nagbibigay ito ng di tiyak na tunog. Mayroong lahat ng iba pang bagay ay lilipas maliban sa Salita ng Diyos, sinabi nga ni Jesus, "Ang mga Langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas." Kaya, nakita n'yo na dapat tayong manatili sa Salita, sa Tinig.

65 Napakaraming mga nangalilitong bagay! Tumatayo ang mga tao, hindi nila alam ang Salita, at nagsasabi sila ng mga bagay, at marahil ganap na makatuwiran ito sa pandinig. Ang Komunismo ay napakamakatuwirang bagay. "Lahat ay pantay-pantay. Wala nang mga kapitalista, lahat sila'y Komunista." Huminto na ba kayo para pag-isipan na 'yan ay huwad na rebaybal, ang Komunismo? At saan niya ito itinulad lahat? Ang. . . Sinabi ni Jesus, "Ang dalawang espiritu ay magiging halos magkatulad na magkatulad, ililigaw nito ang Mga Hinirang kung maaari." At lahat ng bagay na mayroon ang Diablo, ito'y pagbabaluktot ng ginawa ng Diyos. Ang kasalanan ay—ay katuwiran na binaluktot. Ang isang kasinungalingan ay Katotohanang pinamalian. Ang pangangalunya ay—ay, isang akto na itinalaga sa atin ng Diyos na binaluktot. Lahat ng kawalang pananampalataya ay pagbabaluktot sa pananampalataya. Kailangang tanggihan mo ang Katotohanan para matanggap ang—ang kabaluktutan. Kita n'yo, ituwid itong mga tinig na ito, subukin ang mga ito sa pamamagitan ng Salita at tingnan kung ito nga'y Katotohanan.

66 Oh, gaanong makapagpapatuloy tayo nang makapagpapatuloy, dito sa mga tinig sa araw na ito, ngunit lumipas na ang ating oras. Ngunit, napakaraming tinig na hindi na alam ng mga tao kung ano ang gagawin. Ang Methodist sa huli'y makikinig sa isang mangangaral na Baptist, pupunta sila doon, mananatili sila sandali roon at saka sila pupunta sa Lutheran. At sa mga Pentecostal, may iba't iba silang mga grupo, ang isa'y tatakbo sa isa, at ang isa nama'y sa isa pa, tapos magpapabalik-balik. Ipinapakita nitong hindi kayo matatag. Makinig kayo sa Kanyang Tinig! Heto Ito, nakasulat sa papel, ang Tinig, mapatototohanan ang Tinig kung Ito nga ang Katotohanan.

67 Hindi alam ng mundo ng simbahan kung ano'ng gagawin, napakagulo ng mundo ng pulitika. Lahat ng bagay ay tila ba nagkakagulo. Tumatakbo mula rito ang mga tao, may iba na namang lilitaw, isang kung anong jacket, isang kung anong balabal. Noong nandoon ako sa Roma, mayroon silang pinagtibay na labingsiyam na iba't ibang mga pako na ibinaon daw sa mga kamay ni Jesus; at tatatlo lang naman, ngunit ganoon pa man may tala sila na labingsiyam na iba't ibang pako. Ngayon, anong kaibahan ang magagawa nito kung nakanino ang pako? Hindi nag-iwan sa atin si Cristo ng mga pako para sambahin, iniwan Niya sa atin ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng Kanyang Salita! "Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya, mapapasa kanila ang orihinal na pako"? "Magkakaroon sila. . . Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya, magiging kabilang sila sa denominasyon na pinasimulan ko"? Wala Siyang sinimulan. Kita n'yo ba kung paanong 'yung tinig ay salungat?

68 Ngunit, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya; mangagpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan." Hayan ang Salita. "Mangagsasalita sila ng mga bagong wika; magsisihawak ng mga ahas, hindi sila masasaktan niyon. Kung makainom sila ng mga bagay na nakamamatay, hindi iyon makagagambala sa kanila. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ay magsisigaling ang mga ito." At bantayan n'yo ang mga bagay na ito pati na ang lahat ng iba pa sa Kasulatan na pinagsama-sama.

69 Ngayon, iyon lang ay hindi makapagpapatunay nito, hinding-hindi. Doon tayo napupuntang mga Pentecostal sa maling daan. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Marami ang magsisilapit sa Akin sa araw na yaon, at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba't gumawa ako ng mga dakilang bagay sa Iyong Pangalan? Hindi ba't nagpropesiya ako sa Iyong Pangalan? Hindi ba't ginawa ko ang lahat ng ito sa Iyong Pangalan?'" At sinabi ni Jesus, "Magsilayo kayo sa Akin, kayong gumagawa ng katampalasanan, kailanma'y hindi Ko kayo nangakikilala." Nakikita n'yo ba, mga kapatid kong babae at mga kapatid kong lalaki, kung bakit ko labis na tinutuligsa at isinasakdal ang lahing ito? Maaaring magsalita kayo ng iba't ibang wikang gaya ng mga tao at mga Anghel, maaaring magsayaw kayo sa Espiritu sa buong palibot ng bahay-sambahan, walang kinalaman 'yan Dito.

70 Nakakita na ako ng mga Mohammedan na nagsisisayaw nang paikot-ikot nang ganyan. Narinig ko sa doktor. . .kampo ng mangkukulam, nakita ang mga mangkukulam na nagsitayo at nagsalita sa iba't ibang wika at ipinaliwanag ito, at sinabi nang eksakto kung ano ang magaganap, at nangyari nga ito sa ganoong paraan. Nakita ko pa nga ang isang lapis na tumayo at nagsulat sa di-maunawaang mga wika, at iisa lang ang naroon na kayang bumasa nito, at sa Diablo iyon. Hindi n'yo maaaring isalalay ang Walang Hanggan ninyong patutunguhan sa isang sensasyon. Kayang gayahin ni Satanas alinman sa mga sensasyong iyon. Hindi. . .Ito'y ang makilala si Cristo, may bagay na nagbabago sa buhay ninyo. Bantayan n'yo ang buhay ninyo at itulad ito sa Salita, at tingnan kung saan kayo naroroon. Nag-iimbentaryo, siyanga.

71 Sa kabila ng lahat nitong mga panggagaya, mga huwad na tinig, mga bulaang propeta, lahat ng iba pang bagay na ito na lumilitaw, sinabi pa rin ni Jesus, sa kabila ng lahat ng ito, "Kung sino man ang duminig ng Aking Tinig at sumunod sa Akin." Siya ang Salita. Makinig, ang utos Niya sa atin sa araw na ito, sa lahat ng mga tinig na ito. Na, sinabi ko nang gugugol ng mga oras upang isiwalat ang lahat ng mga tinig na ito. At nakakalito ito sa mga tao, kahabag-habag na bagay ito. At, matapos ang lahat, hindi kayo nagkakaroon ng

pangalawang pagkakataon, kailangan n'yo na Itong tanggapin ngayon. Maaaring hindi na kayo magkaroon pa ng pagkakataon mamayang gabi. Maaaring hindi na kayo magkaroon pa ng pagkakataon bukas. Ito'y ngayon na! "Kapag narinig ninyo ang Aking Tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, gaya noong panahon ng panggagalit. Ngayon na ang pagkakataon. Ito na ang katanggap-tanggap na panahon na kung sinuman ang dirinig ng Aking Tinig." Nagpapakita lang 'yan na ang Kanyang Tinig ay paroroon pa rin sa gitna ng lahat ng mga kaguluhan. May Tinig pa rin Siya! Bakit? Ang Kanyang Tinig ay mananatili kailanman. Heto ito, "Ang mga Langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Tinig ay hindi lilipas," ang Kanyang Salita.

72 Gumugol lang tayo, sabihin nang, isa pang limang minuto, nang mabilisan. Kaya ba ninyo, puwede ba kayong manatili pa nang ganoon katagal, o ilang minuto? Ngayon, magmamadali na ako. Talakayin lang natin ang ilan na nakarinig sa Tinig na ito at sumunod Dito. Kung paano Nito sila pinakilos, kung ano ang ipinagawa Nito sa kanila. Ngayon lalampasan ko ang maraming—na Kasulatan dito, para lamang makadiretso sa inyo. Kung paano Nito binago ang kanilang mga buhay at lahat sila na nangasa paligid nila, kung paano sila naging kakatwa, tinatawag nating "kakatwa." Bawat tao na naniwala sa Diyos, ay ibinibilang na kakaiba. Dahil, kung nasa kalakaran ka ng mundo, may problema sa iyo. Para maging Cristiano kailangan mong maging kakaiba. "Sapagkat lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng pag-uusig ng sanlibutan. Siya'y nasa sanlibutan, at ang sanlibuta'y ginawa sa pamamagitan Niya, at hindi Siya nakilala ng sanlibutan." Mabilisan na ngayon, makinig nang mabuti habang tayo'y papatapos na.

73 Narinig ni Adan ang Kanyang Tinig, sa lamig ng gabi, at nakisalamuha sa Kanya. Walang paghatol kay Adan. Dininig niya ang Tinig ng Diyos, at sinabi niya, "Ama, ngayo'y hihiga na ako sa pagtulog." At nahiga siya, at si Eba sa kanyang bisig, ang leon, ang tigre, at ang mga mababangis na hayop ay nahimlay sa palibot niya, walang anumang nakakasama, walang paraan para magkasakit, walang dahilan na mag-isip kung gigising siya kinaumagahan, magigising ba sila. Narinig ni Adan ang Kanyang Tinig sa paraang dapat niya Itong marinig.

74 Ngunit isang araw ay dininig niya ang tinig ng asawa niya. Mabuti pa'y iwanan ko muna 'yan saglit. Ngunit nakinig siya sa maling tinig, gayunma'y ang asawa niya iyon, ang pinakamalapit na kaugnay na mayroon siya sa lupa. Bakit hindi niya, gaya ni Job, "Ikaw ay nagsasalita na gaya ng hangal na babae"? At kung ganoon pa ito, ang buong lahi ng tao ay nabubuhay sana sa halip na namamatay. Binago nito ang daan ng mga tao at panahon. Ngunit narinig niya ang isang Tinig ng Diyos, nakisalamuha siya

Rito, ngunit nang bumaling siya. . .Paano niya nalamang mali ang asawa niya? Alalahanin, iyon ay nakalulugod.

75 Iniisip natin sa araw na ito na ang ating organisasyon, iglesya, inaakala nating ang ating kasaganaan sa araw na ito ay nakangiti ang Diyos sa atin. Tila maganda ito. Tila maganda ito noong tumayo roon si Micaya sa harapan ng apat na raang propeta, at ang buong lupain ay pag-aari nila, at naroroon ang mga Filisteo, o ang mga taga-Asiria, tila ba maganda nga iyon. Sinasabi ng mga propetang ito, "Pumaroon ka, sa atin iyon. Kunin n'yo 'yon!" Ngunit hindi iyon ang Tinig ng Diyos. At pumihit si Micaya at sinumpa ang tinig. At paano niyang nalaman na gawin iyon? Dahil sa ang kanyang pangitain ay eksakto sa Salita. Ganoon lang ang tanging paraan para pagtiwalaan ito at makita ito sa araw na ito, ito'y dapat na nasa Salita.

76 Pagkatapos napansin ba ninyo matapos na nakinig si Adan sa ibang tinig maliban sa Tinig ng Diyos, sa sarili niyang asawa. At nakikinig ang iglesya sa tinig ng kanyang organisasyon, na ang ipinapasok sa kanila ay mga kredo sa halip na ang Salita, hinahayaan silang mamuhay sa anumang paraang gustuhin nila. Hangga't nagsisimba sila at miyembro ng isang iglesya, 'yun lang ang mahalaga. Ang pinakamalapit na nag-uugnay na mayroon ang mananampalataya sa lupa, para sa kanila, ay ang iglesya. Subalit ang mananampalataya, ang tunay na mananampalataya, ang pinakamalapit na nag-uugnay ay ang Espiritu Santo, ay ang Salita ng Diyos.

77 Kaya napag-aalaman n'yo na napagtanto ni Adan ang kalagayan niya, at narinig niyang tumatawag muli ang Tinig ng Diyos, at nakasuot siya ng mga dahon ng puno ng igos noon. Subalit tinig na iyon ng paghatol, "Bakit mo ginawa ito?"

78 Iniisip ko kung ang Amerika kaya sa araw na ito, o ang mundo sa panrelihiyong kaguluhan nito, na gaya nga nito, at ang Amerika na lumalamon, nilalamon na, magiging pambansang relihiyon na ito di na magluluwat. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

79 Sino ang naririto sa harapan ko? Alam kong mga teyp ito at lalaganap ito sa buong mundo. May mga programa tayo ng mga teyp, na bawat Mensahe ay inaakay ang buong mundo, lahat ng iba pang bansa.

80 Buweno, ngayon kung titingin kayo't makikita, nakatayo lang kayo na nakasuot ng mga dahon ng igos. Kapag lumabas na ang tunay na Tinig ng Diyos, hindi nila alam kung ano'ng gagawin dito. Nakakalito ito, hindi nila alam ang gagawin.

81 Kaagad-agad, dininig ni Noe ang Tinig ng Diyos. Naghahanda na noon Ito upang iligtas ang kanyang buhay, at sinunod niya ang mga tagubilin at nanatili siya.

82 Kung dinirinig ng isang tao ang Tinig. . .Ngayon makinig, unawain n'yo ito nang mabuti. Huwag mabigo. Kung marinig ng isang tao ang tinig ng isang bagay, at kung Ito'y mapatunayan bilang Tinig ng Diyos, at nasa panahon, at pagkatapos mag-uumpisa na 'yan sa taong 'yon, ang mga langit at lupa ay lilipas ngunit ang Salitang iyon ay hindi lilipas.

83 Narinig ni Noe ang Tinig, at kinondena ang sanlibutan. At pinagtawanan nila siya nang harapan dahil ang kanyang—kanyang Mensahe ay hindi umangkop sa kanilang kahanga-hangang bagay na naabot ng siyensiya, subalit umulan at ginunaw ang buong mundo. Kita n'yo? Ang tinig niya na lumabas, ang binhi ay nakahimlay roon. Ganoon ding paraan sa bawat kapanahunan.

84 Si Samuel, nabahala nang marinig niya ang Tinig ng Diyos, na siya ay. . .magpatuloy at kondenahin si Eli, ang taong nag-aruga sa kanya. Ang lalaking naging tatay sa kanya at nagpalaki sa kanya at nagpakain sa kanya.

85 Mga kapatid na ministro, maaari ko ba? Ang mga ministro, maraming beses, sa kanilang tinatayuang denominasyon at kredo, ang kanilang mga kredensiyal na pinanghahawakan nila, na mula sa mismong ama, sa mismong organisasyon na nag-aruga sa kanila at nagpakain sa kanila at nagpalaki sa kanila at naglagay sa kanila sa posisyon sa iglesya, at naglagay sa kanila sa isang kongregasyon, kailangan ninyong sumunod sa kung ano ang itinuturo nila. Kita n'yo? Anong nakapangingilabot na bagay iyon para sa isang tunay na lingkod ng Diyos na marinig ang Tinig ng Diyos at kinakailangang bumalik doon sa inang organisasyon din na iyon, sabihin, "Hinatulan ka na dahil hindi mo tinatanggap itong Salita." Matinding bagay!

Mahirap iyon para kay Samuel. Subalit isa siyang propeta, kailangang gawin niya iyon. Kahit pa kung makasakit iyon o hindi, kailangan pa rin niyang gawin iyon.

86 At narinig ni Moises ang Tinig ng Diyos. Punung-puno siya noon ng teolohiya. Alam niya lahat ang mga *dapat* at *di dapat*, subalit nabigo iyon. Narinig niya ang Tinig ng Diyos, hindi na naging kagaya pa ng dati si Moises.

87 At walang tao ang nagiging gaya pa rin ng dati. Maaaring marinig n'yo sa inyong mga tainga ang—ang tinig na nangungusap, subalit kapag narinig ninyo sa inyong puso, ang Tinig na nagsasalita, kita n'yo, kung ganoon nakakarinig na kayo. Hindi kayo nakakakita sa pamamagitan ng mata ninyo. Tumitingin kayo sa pamamagitan ng mata ninyo, nakakakita kayo sa pamamagitan ng inyong puso. Nakikita n'yo ang isang bagay, sasabihin, "Sadyang di ko 'yon makita," ibig n'yong sabihin ay hindi ninyo nauunawaan ito. Hindi kayo nakikinig sa pamamagitan ng inyong tainga, nakikinig kayo sa pamamagitan ng inyong puso. Maraming beses naririnig ng inyong tainga

ang tunay na Tinig ng Diyos, at nahuhulog ito sa inyo na gaya ng tubig na nahuhulog sa likod ng pato. Ngunit kapag naririnig n'yo talaga, naririnig ninyo sa pamamagitan ng inyong puso.

88 At lahat ng mga teolohiya na tinaglay ni Moises, hindi pa niya narinig ang Tinig ng Diyos. Subalit isang araw ay tinawag ng Diyos itong walumpung taong tagapag-alaga ng tupa sa isang tabi at kinausap siya, at nakuha niya Ito. Pinatunayan Niyang Siya ang Diyos. Ang unang bagay na ginawa Niya kay Moises, ay patotohanan ang Kanyang Salita, "Ako'y bababa, naalaala Ko ang Aking ipinangako."

89 At ito ang ipinangako Niya sa mga huling araw. Magpapalitaw Siya ng isang bayan mula sa mga Gentil, at lahat ng mga pangako.

90 "Ito'y Aking ipinangako." Sabi, "Moises, hubarin mo ang iyong panyapak." Sa ibang salita, igalang Ito. "Ngayon ihagis mo ang iyong tungkod." At ang isang—isang tuyong patpat mula roon sa disyerto ay naging ahas, at hinuli ito ni Moises, at bumalik ito sa dating kalagayan nito muli. Kita n'yo? Alam niyang iyon ang Diyos, dahil sa sinabi ng Diyos, ang Salita ng Diyos, ang Salita na Kanyang sinasalita, sabi, "Ihagis mo ang tungkod na nasa iyong kamay." Iyon ang Salita ng Diyos. Huwag n'yong gawin ang parehong bagay, hindi 'yon Salita ng Diyos sa inyo, Salita ng Diyos iyon kay Moises. *Heto* ang Salita ng Diyos sa inyo! "Ihagis mo ang tungkod." Naging ahas ito. Sabi, "Ngayon natatakot ka ba rito? Damputin mo ito sa buntot," at bumalik itong muli. Ang Salita ng Diyos sa kanya. Ano'ng ginawa Niya? Pinatotohanan ng Diyos ang Kanyang Salita.

91 Nakatanggap ako ng tawag dito ilang buwan na ang nakalipas, mga, nasa, oh, ito'y mga isang taon na, lagpas isang taon na ang nakaraan. Isang munting binibini na nasa dulo ng linya ng telepono, kasama ang isang mangangaral na Baptist at isang mangangaral na Pentecostal. Sinabi niya, "Kapatid na Branham, ginawa ako ng Panginoon na propetisa."

Sabi, "Mabuti."

92 Sabi, "Alam mo, sinabi sa akin na sinabi mong ikaw—pinatototohanan mo na ang ministeryo ko ay sa Diyos."

93 Ngayon, hindi ko magagawa iyon, salungat 'yon sa Salita. Kaya sabi ko, "Binibini, isang pagkakamali 'yan. Ni hindi nga kita kilala."

94 At 'yung mangangaral na Baptist, narinig ko siya, narinig ko 'yung mangangaral na Pentecostal. Sabi ng babae, "Buweno, nagdaraos ako ng pagtitipon dito." At sabi, "Gumagawa ang Panginoon ng mga dakilang bagay."

95 Sabi ko, "Nagpapasalamat ako para diyan." Sabi niya . . . Sabi ko, "May sinabi na ba Siya sa iyo?"

Sabi, "Oo, may inaasikaso akong malaking programa."

96 Sabi ko, “Maigi.” Sabi ko, “Ngayon, ano ang programa mo?” Sabi ko, “Ano’ng sinabi ng Panginoon sa iyo?”

97 “Sabi Niya, ‘Pumunta ka sa Phoenix, Arizona, sa *ganito’t ganoon* na petsa, at tapos ibibigay Ko sa iyo ang nawawalang Dutchman Gold Mine, at kukunin mo ang gintong ito na makikita doon at magtataguyod ka ng mga misyunero sa buong mundo.’” Gayong alam nating lahat na ang nawawalang Dutchman Mine ay isang alamat. “Gayon ang sabi Niya.”

98 Sabi ko, “Buweno, sasabihin ko sa iyo kung paano mo malalaman kung ito’y ang Diyos o hindi.” Sabi ko, “Magpunta ka roon sa araw na iyon. At kung mahanap mo nga ’yung nawawalang Dutchman Mine, kung ganoon ang Diyos iyon. Kung hindi mo mahanap ang nawawalang Dutchman Mine, kung ganoon ay magsisi ka at paalisin mo ’yang sinungaling na espiritung nasa sa iyo.” Ganoon kung paano malalaman kung ang Diyos iyon o hindi.

99 Sabi ng Diyos, “Moises, ihagis mo ang tungkod, at magiging ahas ito.” Ginawa niya iyon. Sabi Niya, “Damputin mo ito at babalik itong muli sa pagiging tungkod.” Ginawa nga niya iyon.

100 Kapag nangako ang Diyos ng isang ministeryo sa mga huling araw na ito, patutunayan Niya ito nang eksakto sa paraan na sinabi Niyang gagawin ito. Kung ganoon malalaman n’yo na nasa inyo ang tamang Tinig. Nakikinig kayo sa tamang Bagay, dahil sa ito ang Salita na pinatototohanan. Kita n’yo? Oh, gaano . . . Ipagpaumanhin n’yo, ako . . . Buweno.

101 Kumilos nang iba si Moises. Tingnan kung anong—kakatwang bagay ang ginawa ni Moises. Ngayon, lagi kapag sinusunod ninyo ang Tinig ng Diyos, kayo’y wala sa katinuan, para sa sanlibutan. Kinabukasan, nakita si Moises, kasama ang kanyang asawa na nakaupo sa isang mula, at isang paslit na nakakarga sa kanyang balakang, o ’yan ay sa katimugan, “bata” na nakakarga sa kanyang balakang, at hayun sila. Itong matandang lalaki na nakalaylay ang balbas pababa na gaya *nito*, at ang nakakalbo na niyang ulo na kumikinang, isang tungkod sa kamay niya, inaakay ang isang maliit na asno, papunta doon mismo sa Egipto sa abot ng makakaya niyang makapunta. May isang nagsabi, “Moises, saan ka pupunta?”

102 “Patungo sa Egipto, upang kontrolin ang bagay na iyon.” Kung saan nabigo siya bilang isang kabataaan, nabigo siya bilang isang militar, ngunit patungo na siya dito para kumontrol. At nagawa nga niya iyon. Bakit? Narinig niya ang Tinig ng Diyos at nakita Itong pinagtibay para sa kanyang panahon, para sa mga bagay na magaganap sa kanyang panahon. Nakita niya ito.

103 Si Pablo, isang may sariling-estilong Fariseo, sadyang punong-puno ng teolohiya, subalit isang araw ay narinig niya ang Tinig ng Diyos. Nakakita siya ng isang Haliging Apoy, at alam niyang may bagay na naiiba. Binago nito ang buhay niya.

Kahit na gaano pa karaming mga Fariseo, gaano pa karaming mga Gamaliel o ano pa mang ibang bagay ang magsisigaw kay Pablo, "mali ka, mali ka," si Pablo, nang marinig niya ang Tinig ng Diyos, alam niya na Ito ang Katotohanan.

104 Si Pedro, napakarelihiyoso, tinutupad ang mga tradisyon ng mga matatanda, ayaw niyang kumain noon ng anumang karne. Hindi, po. Ayaw man lang niyang magkaroon ng anumang kaugnayan doon. Talagang pinananatili niya ang mga tradisyon ng mga matatanda, nang eksakto sa Salita. Ano'ng nangyari? Isang araw ay narinig niya ang Tinig ng Diyos, "Huwag mong ituring iyan na marumi at karumal-dumal, kapag nilinis Ko na." Siya ay isang binagong tao. Handa na siyang magtungo kahit saan siya isugo ng Panginoon.

105 Sa pagtatapos, maaaring sabihin ko ito. May isang tao minsan na isang mananampalataya. Siya'y apat na araw nang patay. Naroon siya sa libingan, umaalingasaw, bulok na, subalit narinig niyang magsalita ang Tinig ng Diyos, "Lazaro, lumabas ka!" At kung napalabas Nito ang isang lalaki matapos na mamatay at mabulok, ano pa kaya lalo ang magagawa Nito sa isang iglesya na may buhay pa rito? Bubuhayin nga sila Nitong mag-uli, sa lahat ng nagpapagulong mga tinig na ito na napag-usapan na natin, panrelihiyon, pulitika, Hollywood, lahat nitong mga huwad na propesiya at bagay na nagsilabas. Sa kalagitnaan ng lahat ng ito, ay tatawagin ng tunay na Tinig ng Diyos ang isang tao, na patay na sa kasalanan at pagsalangsang, patungo muli sa buhay. Kukunin nga Nito ang isang tumalikod na iglesya at tatawagin itong muli patungo sa buhay. Tiyak nga!

106 Tandaan, sa pagtatapos, sasabihin ko ito, at saka ako magtatapos. Sinabi ni Jesus, "Darating ang panahon, na maririnig ng lahat ng nangasa libingan ang Tinig ng Diyos." At maririnig ninyo Ito. Kahit na ano pa ang kalagayang kinaroroonan ninyo, maririnig pa rin ninyo Ito. At ang ilan sa kanilang mga nangagsilabas sa libingan, ay mapupunta sa paghatol. Maririnig nila ang Tinig, subalit humahatol na Ito. At kung naririnig ninyo Ito ngayon, "Ngayon, pagkatapos ng matagal na panahon, kapag narinig ninyo ang Aking Tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso, gaya ng ginawa ninyo noong panahon ng panggagalit." At kung kayo, na mga taga-Pentecostal ay naggrugrupo-grupo sa inyong sarili muli doon sa mga kredo, sa kamunduhan, "may anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito," bago kayo bumangon sa pagkabuhay na mag-uli upang mahatulan, dahil sa ang Tinig ng Diyos na nangungusap sa inyo ngayon sa pamamagitan ng Salita ay hahatol sa inyo sa araw na iyon.

107 Kung ikaw ay isang malahininga lang na mananampalataya, sumisigaw ang Tinig ng Diyos sa iyong puso ngayong umaga, "malahininga kang mananampalataya," mabuti pa'y magsisi ka na!

108 Kayong mga lalaki, mga babae, mga batang lalaki o batang babae, na hindi nabubuhay para kay Cristo, at nangungusap ang Tinig ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang Salita at nagsasabi "itigil mo ang paggawa niyan," mabuti pa'y gawin mo na ito. Dahil maririnig ninyo Itong muli isang araw, at hahatulan kayo Nito. Hindi ninyo Ito maitatatwa, nangungusap Ito sa inyo ngayon. At, tandaan, nakarekord ito.

109 At yaong mga gumagawa ng tama at dumiririnig sa Kanyang Tinig, ay babangon sa katuwiran, tungo sa Kaluwalhatian, tungo sa Kalangitan.

110 Kaya maririnig n'yo ang Tinig ng Diyos magkaminsan. Maaaring bahagyang nangungusap Ito sa inyong puso ngayong umaga, na kailangan ninyong lumiko sa daang nilalakaran ninyo, manumbalik sa Diyos. Ngayon, tandaan, irerekord nila ang Tinig na iyan na nangungusap sa puso n'yo, sa Langit. At balang araw kapag si Jesus nga ay tumawag na, at lahat ng nangasa libingan, lahat, tama at mali, ay babangon. At kung magkagayon itong mismong Tinig na ito ay bubulong mismo sa inyo, "Sa Phoenix, Arizona, sa *ganitong* Linggo ng umaga, nang pinatagal kayo masyado nung ministro, na nangungusap noon patungkol sa Tinig, nangusap Ako sa iyo; sinabi sa inyo na mga kababaihan na hayaang humaba ang inyong buhok, itigil ang pagdadamit ng malalaswa; sinabi sa inyo na mga kalalakihan na itigil 'yang pagsisinungaling, paninigarilyo; sinabi sa inyo na mga mangangaral na manumbalik sa Salita ng Diyos." Nakita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Tama 'yon.

Sinasabi ng munting Tinig na iyan, "Maaaring tama ito."

111 Kung kinakailangan kong magtungo na gaya ni Nicodemo, susubukan ko pa ring pumaroon. Lalapitan ko Siya, at lalabas dito sa disyerto sa kung saan man, at sasabihin, "Panginoong Diyos, heto ako, baguhin Mo po ako ngayon. Hubugin Mo po ako sa Iyong nais." Manumbalik sa Salita. Saan mo man nakikitang nawawala ka na sa Salita, bumalik ka mismo doon, sapagkat ang tanikala ay nasa pinakamahinang dugtungan ang pinaka tibay nito. At saan man sa inyong buhay na nilisan n'yo ang utos ng Diyos, upang maglingkod sa isang tradisyon, doon mapuputol ang tanikala ninyo kahit pa gaano kayo katibay sa ibang bagay. Humawak sa di-nagbabagong kamay ng Diyos.

112 Manalangin tayo. Sa araw na ito, matapos ang matagal na panahon, Panginoon, sinabi Mo pong mangungusap Ka, isusulat Mo ang Iyong mga kautusan sa mga tapyas ng mga puso. Hindi ko po alam kung ano ang humahadlang sa harapan ko. Ang tanging bagay lang na alam kong gawin ay kunin ang Iyong Salita at ipamalita Ito, tiyak na Ito'y mapupunta sa ilalim ng ilang bato sa kung saan man. Dalangin ko, Diyos, na mangungusap Ka sa bawat kabataan, bawat nasa kalagitnaang gulang, matanda, anuman iyon. Mangusap Ka po sa puso ko,

Panginoon. Mangusap Ka po sa puso ng mga ministrong ito. Mangusap Ka po sa puso ng kongregasyon.

113 Dalangin namin, Ama, na marinig namin ang Iyong Tinig sa araw na ito. At nalalaman namin, na kung paano noong panahon ni Samuel, ang isang hayag na pangitain ay madalang na bagay, at nagigitla rito ang mga tao. Ganoon din sa araw na ito. May mga panaginip kami at mga mapanaginipin, may mga tagapagsalita kami at mga tagapagpaliwanag, ngunit ang isang hayag na pangitaing dumarating na may Salita mula sa Panginoon, at itinama . . . Idinadalangin namin, Amang Makalangit, na ang Tinig na iyon na sumisigaw sa ilang, "ihanda ang daan ng Panginoon," na naniniwala kaming ibinibigay ng Espiritu Santo ang Tinig na iyon muli sa araw na ito, "Maghanda para sa Pagparito ng Panginoon!" At gaanong kakaiba Ito, pagka't mayroong napakaraming iba pang tinig para patahimikin Ito at para dalhin Ito palabas, subalit mapagbiyaya Ito sa mga tainga niyaong dumirinig Nito. Dalangin ko na ang Espiritu Santo ay siyang gagawa ngayon sa puso naming lahat.

114 At habang nakayukod ang ating mga ulo, at umaasa akong nakayukod ang ating mga puso. Kung alam n'yong saan man na sumuway kayo sa inyong buhay, alam n'yo ang ilang Kasulatan, na alam ninyong iya'y turo ng Biblia na hindi kayo nakiisa, dahil may bagay, ang tinig ng Hollywood ay pinagawa sa inyo ang isang bagay na iba. Isang dako sa Biblia na natagpuan ninyo na mga ministro, na talagang ang Katotohanan, subalit alam ninyong paaalisin kayo ng organisasyon ninyo kung itinuro ninyo Iyon, at alam n'yong ganap itong Katotohanan. Sa inyo na mga tao na tinatanggap ang maling bagay, ipinamumuhay ang maling buhay. Kayong mga ama't ina na hindi sinisikap na itama ang inyong mga anak, hindi sinisikap na alagaan sila. Maaaring ginagawa ninyo ang abot ng makakaya ninyo, at patungo pa rin sila sa kamunduhan, subalit naglalagay kayo ng halimbawa sa harapan nila. At kung hindi n'yo ito ginagawa, nangungusap sa inyo ang Tinig ng Diyos, "Huwag n'yong gawin iyan."

115 At ngayon habang nakayukod ang bawat ulo at nakapikit ang lahat ng mga mata, at ang Diyos nawa ng Kalangitan ay tumingin pababa sa mga puso ng taong iyon na nagugutom at masumpungan ang dako kung saan sila nagkamali. At habang nakataas ang kamay sa Diyos, nagsasabi, "Panginoon, totoong ninanasa ko ang Iyong Tinig upang alisin lahat ng kawalang pananampalataya, at lahat ng mga bagay na hindi katulad Mo, at gawin ako kung ano'ng naisin Mong maging ako," maaari ba ninyong itaas ang inyong mga kamay. Habang kayo . . . Pagpalain kayo ng Panginoon. Pagpalain kayo ng Diyos.

116 Pagkatapos sinabi ng Biblia, sinabi ni Jesus, at sa kabila ng lahat ng iba pang mga tinig na ito, "Gayunma'y kung didinggin

ng isang tao ang Aking Tinig." Sumunod sa Kanya, mapapasa iyo ang iyong ninanasa.

117 Panginoon, nauubos na ang oras. Subalit sinabi ng Biblia na, "Ang mga nangagsisampalataya, ay nangabautismuhan." Dalangin ko, Amang Makalangit, na bawat isa sa mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay na tunay na nangumpisal, na ang Salita ng Diyos na kanilang nabasa, at nakitang mali sila. Hindi ko kailanman tiningnan ang kalahati sa kanila. Hindi para sa akin ang tumingin, para sa Iyo ito para tingnan, Panginoon. Alam Mo po ang motibo at layunin sa likuran ng kamay na tumaas. Hayaan sila, mula sa mismong oras na ito, na ilayon sa kanilang puso, "Mula sa araw na ito, mula ngayon, tatanggapin ko na ang Salita ng Diyos at ang Tinig ng Diyos, at susundin Ito kahit na ano pa ang katapat na halaga." At alalahanin sa kanilang isipan, habang sila'y nagpapatuloy, ang awitin ng makata, "Dapat bang pasanin ni Jesus ang krus na mag-isa, at ang buong sanlibuta'y lumaya? Hindi, may krus para sa lahat; at may krus para sa akin. At itong inialay na na krus ay papasanin ko, hanggang sa ang kamatayan ay palayain ako." Kung magkagayo'y kapag nagsalita na ang Tinig ng Diyos, "Ako'y babangon sa Kanyang katuwiran, sapagkat sinunod ko ang Kanyang Tinig, ang Tinig ng Salita Niya." Itinatagubilin ko po sila sa Iyo ngayon, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

118 Ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo, kayo na nagpapahayag ng inyong kasalanan at inyong pangako. Namamangha ako sa isang batang lalaking paslit na nakaupo rito, na iniikot-ikot ang kanyang ulo. At may isang Tinig para sa iglesya, "Ako ang Panginoon na Siyang nagpapagaling sa lahat ninyong karamdaman." Iyon ay isang Tinig sa iglesya. At lahat kayo na nangangailangan ng kagalingan, at kayo'y namumuhay ng isang inialay na na buhay sa bawat Salita ng Diyos na alam ninyo kung ano ang tama, at nangangailangan kayo ng kagalingan, iniiisip ko kung itaas n'yo lang sana ang inyong kamay. Itaas ang inyong kamay, "Panginoon, nangangailangan po ako ng kagalingan." Buweno.

119 Ngayon, panatilihin ang Tinig na iyan sa inyong puso, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng iyong mga karamdaman." Tandaan, kapag ang Salita ay binigkas na, Ito'y tiyak na magaganap. Sinabi ni Jesus, Marcos 11:22, "Kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi mo, kakamtin mo ang sinabi mo."

120 Ngayon, bawat isa sa sarili nating paraan ngayon, iyukod ninyo ang inyong ulo, gawin ang inyong pagpapahayag, "Panginoon, sinasampalatayanan ko ang Iyong Salita. Naririnig ko po ang Iyong Tinig na nagsasabi sa akin na Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ako'y bababa at magpapatong ng mga kamay sa batang ito, dahil sa siya'y

napakaliit pa upang malaman kung tungkol saan ang lahat ng ito, minamahal na munting bata, mga kasinglaki at kaedad ng munti kong Joseph. At nais kong manalangin kayong lahat, dumadalangin, "Panginoon, naririnig ko po ang Inyong Tinig. Ako'y sumasampalataya."

121 Makalangit na Ama, dinadala po namin ang mga tagapakinig na ito sa Iyo para sa kagalingan ng kanilang katawan. At, Panginoon, naritong nakaupo ang isang abang paslit na bata, kanina pa niya nakukuha ang aking pansin habang nasa kahabaan ng Mensahe, nakikita ang isang magulang na nakaupo roon na ikinakalong ang maliit na bata. Sa pamamagitan ng agham ng medisina, wala nang pag-asa para sa naturang munting bata. May Tinig ng Diyos na sumasa ibabaw ng lahat ng bagay. At habang ang iglesyang ito'y nagkakatipon nang sama-sama upang gawin ang bawat kautusan na alam kong gawin, ang mga nalalabi pa ay sa Iyo na, Ama. Ako'y lalakad pababa at magpapatong ng mga kamay sa batang iyan.

122 Amang Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, kinokondena ko ito. Ang kapangyarihan ng Diyos nawa, ang pagpapagaling ng Diyos. . . Magkaroon nawa ng malaking pagbabago sa kanya sa susunod na limang minuto. Sila nawang lahat ay lumapit sa Diyos, para sa Iyong ikaluluwalhati.

123 Makalangit na Ama, ibinigay Mo po ang pangako. Iyon lang po ang alam ko, ibinigay Mo ang pangako. Nagawa na po ito, kung paanong sinabi na ito noon, "Kung *sasabihin* mo dito," at sinasabi ko sa bawat demonyo ng sakit o kapighatian na gumagapos sa mga tagapakinig na ito, na gumagapos sa mga taong ito, lahat ng espiritu ng kawalang pananampalataya, sinasabi ko, "Umalis ka sa mga tao, sa Pangalan ni Jesus Cristo!" Ngayon, alam naming nasusulat, at ngayo'y nasabi na, maganap nawa ito, para sa kapurihan at kaluwalhatian ng Diyos. At sa Pangalan ni Jesus Cristo'y hinihiling ito.

124 Ngayon, kayo na kayang manampalataya, at tunay ngang nananampalataya, kahit na ano pa ang mangyari, hindi na kailangan, nahulog na doon ang binhi. Ang munting bagay na iyan sa loob ninyo, ang Tinig na 'yan. Magulang ng batang ito, kahit na ano pa ang lagay ng bata, nananampalataya ba kayong nahulog na ang binhi ng Diyos sa inyong puso, na gagaling ang batang 'yan? Ang lahat ng iba pa sa inyo na nananalangin, para sa isa't isa, sumasampalataya ba kayong ang binhi ng Diyos ay nahulog sa inyong puso, "ang karamdaman ko ay tapos na"? Kung ganoon idinalangin na kayo ng panalangin na may pananampalataya, ibaon n'yo na ang haliging iyan. At kung subukan man ni Satanas, balikan n'yo mismo, "Nakatayo doon sa simbahang Espanyol, noong Linggo ng umagang iyon, ang panalangin na may pananampalataya ay ipinanalangin na para sa akin. At nangako ang Diyos!"

Ang panalanging may pananampalataya ang magliligtas sa may karamdaman at ibabangon sila ng Diyos. Tiyak itong matutupad. Sinasampalatayanan ba ninyo ito, sabihin, “Amen.” Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon ibabalik ko na ang gawain kay Kapatid na Rose, sa palagay ko rito, Kapatid na Jewel Rose.

*Ang Tinig Ng Diyos Sa Mga Huling Araw Na Ito* TAG63-0120M
(The Voice Of God In This Last Days)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Enero 20, 1963, sa Apostolic Church sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2011 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org